

Paghahambing sa Morpoponemiko ng Wikang Tuwali ng Ifugao at Wikang Filipino Tungo Sa Pagbuo ng Sanayang-Aklat sa Wika

HILDA N. IMMANGDUL
FELISA M. ANICETO
NERISSA N. BEHHAY

Ifugao State University - Potia Campus

himmangdul@gmail.com

aaron.aniceto16@gmail.com

nerissabehhay@gmail.com

Abstrak — Ang pag-aaral na ito ay palarawang pananaliksik tungkol paghahambing sa pagbabagong morpoponemiko ng wikang katutubong Tuwali at wikang Filipino. Layunin ng pag-aaral na maihambing ang mga pagbabagong morpoponemiko ng wikang Tuwali at wikang Filipino at masuri ang proseso ng pagbabagong morpoponemiko sa wikang Tuwali ng Ifugao at wikang Filipino. Gumamit ang mga mananaliksik ng di-binalangkas na panayam para sa pagkuha ng mga datos mula sa mga piling matatandang taal na Ifugao na maalam sa wikang tuwali, at ang propesyon ay idinagdag ng mga mananaliksik sa pagpili bilang tagatugon dahil ang mga gurong naging tagatugon ay bihasa sa wikang Filipino at maalam sa wikang Tuwali para sa matalinong pagbalido sa datos na kinalap. Inilahad sa resulta mula sa suring ginawa sa mga pagbabagong morpoponemiko, nakita sa pagsuri sa wikang Tuwali ay asimilasyon, pagkakaltas o reduksyon, metatesis o pagpapalit-posisyon, pagpapalit ponema, pagpapalit-diin at pag-aangkop. Sa proseso ng pagbabagong morpoponemiko base sa resulta ay may mga uri ng pagbabagong morpoponemiko sa wikang Filipino ang katulad sa pagbabagong morpoponemiko sa wikang Tuwali gaya ng asimilasyon, pagkakaltas, metatesis o pagpapalit-posisyon, pagpapalit ponema, paglilipat-diin at pag-aangkop. Ang resulta ng pananaliksik ay binigyang linaw sa ginawang aklat-sanayan pangwika.

Keywords — *Pagbabagong Morpoponemiko, Katutubong Wika, Wikang Filipino, Wikang Tuwali*

I. Introduksyon

Ang wika ang pagkakakilanlan ng bawat pangkat sa lipunan kaya bawat lugar ay may sariling wika o diyalektong ginagamit bilang tulay ng pakikipagtalastasan. Ayon kay Garcia (2000), mahalaga ang wikang pambansa bilang simbolo ng kalayaan, kapangyarihan at pagkakaisa. Mayaman sa iba't ibang wika ang Pilipinas at sa katunayan mahigit isang daan ang wika na umiiral sa ating bansa. Isa na rito ang wikang Tuwali ng Ifugao na sinasalita ng ilang bahagi o lugar ng Ifugao na kung saan dito itutuon ang pag-aaral sa paksang pagbabagong morpoponemiko. Kasama sa pagbabagong morpoponemiko ang paraang asimilasyon, pagkakaltas o reduksyon, metatesis o pagpapalit ponema, paglilipat-diin, pag-aangkop, reduplikasyon, at

pagsusudlong. Layon ng pag-aaral na ito na suriin kung mayroong pagbabagong morpoponemiko ang wikang Tuwali ng Ifugao. Layon din ng pag-aaral na maihambing ang wikang Tuwali at wikang Filipino sa usaping pagbabagong morpoponemiko.

Ayon nga kina Abesamis et al. (2007), ang metakognisyon o prosesong metakognitibo ay nakatutulong upang maitaas ang lebel ng pagkatuto ng isang ng pag-iisip gaya ng pagtulong sa kung paano ang mag-isip nang tama sa pagbibigay ng solusyon sa isang suliranin, pagbuo ng desisyon at maging sa pag-unawa. Kaya't ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa metakognisyon o pag-iisip. Kung kaya't ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa pagbabagong morpoponemiko ng wikang Tuwali. Ang pagbabagong morpoponemiko ay ang anumang pagbabago sa karaniwang anyo ng isang morpema dahil sa impluwensya ng kaligiran nito (Badayos, 2007). Gaya ng paggamit ng mga kumbinasyon ng panlapi (unlapi, gitlapi, hulapi, kabilaan, laguhan, at kumbinasyon) maging ang pag-uulit ng mga panlaping ito sa mga salita (Roxas at Mula, 2008).

Binibigyang kahulugan ang morpolohiya bilang isang sangay ng linggwistika na nag-aaral kung paano nagsasama-sama ang mga salitang-ugat, panlapi o kataga upang makabuo ng salita,(Dayawon 2017). Sa pag-aaral naman ni Marcial (2004) sa wikang Sama, natuklasan niya na ang wikang Filipino at wikang Sama ay may pagkakaiba at pagtutulad. Sa pagbabagong morpoponemiko ng wikang Sama, mayroo nitong pagkakaltas ng ponema pagpapalit-ponema, paglilipat-diin, at metatesis bilang morpoponemikong pagbabago ng mga salita. Ngunit isa sa mga uri ng pagbabagong morpoponemiko ng wikang Sama ang hindi niya nabigyan ng tuldik at ito ay ang asimilasyon.

Nakapaloob sa paksang morpolohiya ang usapin ukol sa pagbabagong morpoponemiko na siyang tuon ng pag-aaral na ito. Layon ng pag-aaral na ito na suriin ang morpoponemikong pagbabago na ayon sa mga uri nito. Gayundin, ang paghahambing sa pagbabagong morpoponemiko ng dalawang wika-ang wikang Filipino at wikang Tuwali ng mga piling mga lugar upang makatulong sa pag-unlad ng pagtuturo sa Asignaturang Filipino.

Ayon kay Santiago (2005), nakatutulong ang pag-aaral ng katutubong wika sa kamalayan ng guro at mga mag- aral. Maraming kadahilanan kung bakit kailangang pag-aralan ang sariling wikang kinagisnan na siyang patuloy na ginagamit sa lipunang ginagalawan.

Kaugnay sa pag-aaral ng pagbabagong morpoponemiko ,sinuri ni Francisco Bautista (2010)na may pagbabago dahil sa dulot ng paggamit ng mga panlapi at may impluwensya sa mga nabuong salita. Ayon kay Garcia (2000), ipinapahayag na ang ganap na asimilasyon ay bahagi ng isang buong serye. Ibig sabihin, kailangan munang magkaroon ng parsyal na asimilasyon sa mga salita bago ang ganap na asimilasyon.

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa morpoponemiko ng wikang Tuwali ng mga Ifugao. Bukod sa pag-aaral sa morpoponemiko ng wikang Tuwali, nilalayan din na maihambing ang wikang Tuwali sa wikang Filipino kung mayroong pagkakaiba sa pagbubuo ng mga pagbabagong morpoponemiko.Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang malaman ang mga pagkakatulad at

pagkakaiba sa proseso ng pagbubuo ng mga pagbabagong morpoponemiko ng wikang Tuwali at wikang Filipino tungo sa pagbuo ng isang sanayang-aklat na mapakikinabangan ng mga guro sa Filipino at mga mag-aaral.

Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, matutulungan ang mga mag-aaral na malaman at matukoy ang pagbabagong morpoponemiko na bahagi ng morpolohiya o palabuan lalo sa aspetong o paksang morpoponemiko ng wikang Tuwali na siyang bahagi ng kultura at pagkakakilanlan ng mga Ifugao. Magsisilbi rin itong batayan sa mas mabisang pagtuturo at pag-aaral ng wika. Makatutulong din ito sa mga guro ng wika sapagkat sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay magkakaroon ng karagdagang kasangkapan ang mga guro sa pagbibigay ng kaalaman sa mga mag-aaral patungkol sa mga bagay na may kaugnayan sa wika. Kasama pa rito ay magiging ambag ng pag-aaral sa pagbibigay kaalaman sa kung paano nagaganap ang mga pagbabagong morpoponemiko sa wikang Tuwali ng mga Ifugao na maging dahilan ng kanilang mas mahusay at epektibong pagtuturo.

Madadagdagan ang tamang suri rin sa pag-aaral ng wikang katutubo na tutungo sa pagkakakilanlan sa pagkakaiba at pagkakatulad nito sa wikang Filipino tungo sa pagbuo ng isang sanayang aklat sa pagtuturo ng wika bilang tugon sa kakulangan ng kagamitang pampagtuturo sa Filipino

Gayundin, layon nitong masagot ang mga sumusunod: (a) Ano-ano ang mga pagbabagong morpoponemiko mayroon ang katutubong wikang Tuwali? (b) Ano-ano ang proseso ng pagbubuo ng mga pagbabagong morpoponemiko sa wikang Tuwali? (c) Ano-ano ang pagkakaiba at pagkakatulad sa pagbubuo ng mga pagbabagong morpoponemiko sa wikang Tuwali at wikang Filipino batay sa Asimilasyon, Pagkakaltas o reduksyon, metatesis o pagpapalit-posisyon, pagpapalit-ponema, pag-aangkop, reduplikasyon, at paglilipat-diin (d) Ano ang mabubuong kagamitang panturo sa pagtuturo ng wika?

II. Methodology

Ang pag-aaral ay deskriptibo o palarawan pananaliksik. Naging layunin ng pag-aaral na masuri at masukat ang mga datos sa pag-aaral. Ang nalikom na datos ay sinuri para magkaroon ng deskriptibong tugon sa mga suliranin. Ginamit ang IPO (Input-Process-Output) Ang mga tagatugon ay napili ayon sa mga sumusunod: una ay ang kaalaman sa wika ng mga tagatugon na taal sa wikang tuwali, isinasaalang din ang lugar na kinalakhan nila para sa mas dalisay na pagkuha ng datos; ang edad din ay mula sa 60 pataas; at ang propesyon ay idinagdag ng mga mananaliksik sa pagpili bilang tagatugon dahil ang mga gurong naging tagatugon ay bihasa sa wikang Filipino at maalam sa wikang Tuwali ang nagbabalido sa datos na kinalap. Ang saliksik ay isinagawa sa lugar ng Ifugao na tunay na katutubong Tuwali na maalam sa wikang Tuwali. Ang mga datos at impormasyon ay nakolekta o nakukuha sa pamamagitan ng pakikipanayam sa mga napiling mamamayang taal na Tuwali. Gumawa ng di-balangkas na panayam ang mga mananaliksik ayon

sa paksang napili. Naghahanda rin ng mga katanungan tungkol sa mga salitang susuriin na siyang maging gabay sa pakikipanayam. Gumamit ng di-binalangkas na pakikipanayam sa mga taal sa tuwaling wika .

III. Resulta at Diskusyon

Sa resulta at diskusyon ay nailahad ang mga nakuhang mga datos bilang tugon sa mga sultiraning inilahad. Mula sa mga talahanayan makikita ang mga naging interpretasyon at diskusyon .

Mga pagbabagong morpoponemiko ng katutubong wikang Tuwali

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang resulta ng unang suliranin ng pag-aaral. Ang mga pagbabagong morpoponemiko na nakita o nasuri sa mga salitang katutubong Tuwali ay ang asimilasyon, pagkakaltas, metatesis o pagpapalit posisyon, pagpapalit-ponema, pag-aangkop, reduplikasyon at paglilipat-diin. Ipinapakita sa talahanayan ang mga uri ng pagbabagong morpoponemiko, mga halimbawa at ang salin nito sa Filipino upang mas lalong maintindihan ang pagsusuri o paglalahad ng resulta na makikita na rin sa pagsusuri ng wikang Tuwali. Sa unang uri ng pagbabagong morpoponemiko ay naipapakitang na sa Wikang tuwali ay may mga salitang **asimilasyong ganap** at **di-ganap** na makikita sa resulta na ang panlaping PANG ay nagging PAN at PAM kapag ang sinisundang salita ay nagsisimula sa D,L,R,S,T, ang sumunod na uri ng pagbabagong morpoponemiko ng Tuwali na Wikang Ifugao ay batay sa resulta at ito ay ang **pagkakaltas** na may mga salitang Tuwali na maaring kakaltasan ng isang ponema ngunit nanatili ang kahulugan, sa metatesis naman ay naipapakita na ang ilang salitang nakalap sa wikang Tuwali ay maaring magpalipat-posisyon, sa pagpapalit ponema naman batay sa resulta ay may ponemang “o” na naging “u”, “b” na naging “g”, ang “e” ay nagging “i”. Batay sa resulta ang uri ng pagbabagong morpoponemiko na nasuri sa mga salitang Tuwali ay ang **metatesis/pagpapalit-posisyon** na makikita sa resulta na ang mga ponemang maaring pagpaliitn sa posisyon ay “IN” na nagging “NI” sa salitang “INHALLA” na nagging “NIHALLA”, ang isa pang pinagpalit ay ang “IH” na nagging “HI” sa salitang “IHDA” na nagging “HIDA”. Sunod na pagbabagong Morpoponemiko na nailahad sa resulta ay **ang pagpapalit ponema** na kung saan ang “E” ay nagging “I”, “O” nagging “U” sa salitang “HAPEPENG” na naging “HAPIPING”, “HOPLAT – HUPLIT”. Nakalap din sa resultang suri ang pagbabagong morpoponemiko ang **“may angkop”** na sa salitang Tuwali ang inaangkopang salita ay nagiging iisang salita lamang kapag sinuri ang pagbabagong morpoponemiko nito tulad ng salitang “agam e otya” na naging “agammotya”. Ang **“may sudlong”** na uri ng pagbabagong morpoponemiko ay makikita rin sa resulta ng pagsuri sa salitang Tuwali gaya ng “pun+hapit+an” na nagging “punhapitan” na ibig sabihin sa Filipino “pag-usapan” at ang pinakahuling pagbabagong morpoponemiko batay sa resulta ay ang “paglilipat-diin” gayn ng “kutim+an” naging “kutiman” na ang ibig sabihin kapag bigkas sa wikang tuwali ay ang butyl ng palay na di pa maani. Base sa resulta, ang mga uri ng pagbabagong morpoponemiko ay batay sa pagbabahagi ni Aco at yung kay Malik (2016) na kanyang binanggit ang ilang uri ng

pagbabagong morpoponemiko, na umayon din kay Semorlan, et.al. (2009) na binanggit din ang ilang uri ng pagbabago ng morpoponemiko.

Talahanayan 1 .Pagbabagong morpoponemiko ng salitang Tuwali.

Uri ng Morpoponemiko	Pagbabagong Panlapi + Salitang – ugat /mga salitang walang panlapi na nakakaltas	Nabuong Salitang na ayon sa pagbabago	Filipino
1.1 Asimilasyon			
Asimilasyong di ganap	Pang+boge Pang+pate Pang+paot Pang+bobod	pamoge pamate pamaot pamobod	-pagtanim (palay) -pamatay (tao/hayop) -pang-ukit (kahoy)
Asimilasyong ganap	Pang+ilu Pang+gogod Pang+kolon	pangilu panggogod pangkolon	-pantali (gamit sa pantali sa mga bagay) -pamunas sa puwet -panghiwa -pangsibak
1.2 Pagkakaltas o Reduksyon	hokol +on abbabung na + puhik gutumon ogohon hogopon	Hoklon Abbung Naphik Gutmon Oghon hogpon	-sakalin -dampa -basag -kainin -ihulog -pasukin
1.3 Metatesis/Pagpapalit- posisyon	Inhalla Inbangot ihda indaluh ginamulang- binogwa niboge-inboge inlapdit nilapdit hinukle	inhalla nibangot hida nidaluh nigamulang inbogwa -inboge -nilapdit -inhukle	-mintis -niluto -ulam -nalinisan (bukid) - gumamit ng gamulang (isang uri ng gamit sa pag-ani) sa pag- ani -termino ng mg Ifugao sa pagbigay galang/pagmamahal sa mga kamag-anak sa pamamagitan ng paglabas ng mga buto nila ,linisin at itago muli -tinamnan (bukid) -hinila -terminong katutubong wika para sa proseso ng isang gawin sa pagsasaka
1.4 Pagpapalit-ponema	-hapepeng-hapiping -baladong-baladung -hoplat-huplit -tibom-tigom -hagob-hagub -ponhi'an-punhi-'an		-kurutin -Terminong paghagis ng isang bagay para tamaan ang isang tao -hinampas -tignan -igib -paghiwalay
1.5. may angkop	Agam e ot ya	agamotya	Cge na
1.6. may sudlong	Pun+hapit+an pun+ligat+on pun+kukul+on	Punhapitan Punligaton Punkukulon punbagihon punlagimon	-pag-usapan -magpasakit -pagtawag sa mga alagang manok -Ariin

	pun+bagih+on pun+lagim+on pun+gutum-on pun+kayat+on pun+kamutut+on	pungutumon punkayaton punkamututon	-paraan ng pagsunog ng balahibo ,maaring sa manok, baboy -kainin -akyatin -kalmutin
1.7.Paglilipat-diin	kutim+an	kutiman	- may kaugnayan sa itsura ng butil ng palay/di pa maani

Proseso ng mga pagbuo ng makabagong morpoponemiko sa wikang Tuwali

Ipinapakita dito sa talahanayan 2.1 ng resulta na proseso ng pagbuo ng makabagong morpoponemiko sa wikang Tuwali na may asimilasyong ganap at asimilasyon di-ganap. Ayon kay Arnilla (2013) na banggit ni Ramos (2019) , ang asimilasyon ay mga tunog ng isang salita na umaayon sa katabing tunog nito. Makikita ang pagbabago sa pagbuo sa paggamit ng panlaping pang na naging pam kapag ang katabing tunog ay nagtatapos sa D L R S T at manatiling pang ang panlapi kapag wala sa nabanggit ang mga letra ,ibig sabihin manatiling walang pagbabago. Sa resulta rin ay naipapakita na may mga salitang Tuwali na hindi umaayon sa tamang proseso ng pagbabagong morpoponemiko ngunit umayon din sa inilalahad ni Santiago(2003) na ang mga salita kapag nilalapian ay dumadaan sa proseso ng pagbabago na tinatawag na pagbabagong morpoponemiko.

Talahanayan 2. Asimilasyon

1.1.1 Asimilasyong ganap

1.1.2. Asimilasyong di-ganap

Panlapi	Salitang-ugat	Asimilasyong di ganap	Asimilasyong ganap	Salin sa Filipino
pang	pate		pamate	pamatay
Pang	tobal		pambal	panagot
Pam	paki		pamaki	pansira
pang	kolon	panglon	panglon	pansibak ng kahoy
pam	boge		pamoge	pagtanim
pang	gabut	pangabut		panlinis ng damo
pung	wahe	punwahe		gamitin sa pagsibak
pun	haw-e	Pun-haw-e		Pagkanta/
pam	bukli		pamukli	gamit sa paghiwa (manok,ibon,baboy)
pung	hakkob	panakkob		Gamit sa pagkuha ng dalag (Ifugao)

Ipinapakita sa talahanayan 2.2 ang prosesong pagbabagong morpoponemiko sa wikang Tuwali at ang salin ng mga salita .Inilalahad sa talahanayan na ang wikang Tuwali ang may mga salitang kinakaltas ngunit manatili ang kahulugan tulad ng wikang Filipino .Ang pagkakaltas ay ang pagkawala ng isang tunog mula sa salita.Karamihan sa nasuring pagkakaltas sa wikang Tuwali ay sa lokasyong panggitna.Ang inilalahad na resulta na may mga ponemang kinanakaltas sa wikang

tuwali ngunit napanatili pa rin ang kahulugan tulad ng salitang Tuwali na “**hokolon** “na kapag kinaltasan nn ponemang o ay maging “**hoklon** “ na ang ibig sabihin sa Filipino ay sakalin, sa salitang tuwali na “ **undani** “ na kapag nakaltasan ay maging “**undai** “ ang pagkakaltas ay sa hulihan ng salita ,ang resulta ay inaayunan sa pag-aaral ni Pasion (2015) na banggit ni Ramos (2020) an ang pagkalkaltas o pagkawala ng ng isa o higit pang ponema mula sa wikang katutubong Mandaya sa Caraga ay maaring maganap sa unahan , gitna at hulihan.Dagdag pa niya,hindi konsistensi ang paraan ng pagkakaltas sa wikang Caraga.

Talahanayan 2.2. Pagkakaltas o Reduksyon

Salitang katutubo	Pagkakalatas	Wikang Filipino
hokolon	hoklon	sakalin
ababbung	abbung	dampa
naphik	naphik	basag
gutumom	gutmon	kainin
ogohon	oghon	ihulog
hokobon	hokbon	hulihin
ibogeh	ibgeh	itanim
anahan	ahan	Ekspreyon sa wikang Ifugao
lapidit	lapdit	hilain
hodolom	hodlom	alalayan
indani	indai	sandali
potokom	potkom	Ituro mo
ibutik	ibtik	itakas
deyahtu	dehtu	andito
kadakolan	kadaklan	karamihan
dologom	dolgom	pagkuha ng dalag
malogom	malgom	makalat
hopodom	hopdom	Gamitan ng
hogopon	hogpon	pasukin
Atbohidi I da'yu	Atbohdi da'yu	Ganon din sa inyo

Inpinapakita sa talahanayan 2.3 ang pagbabagong morpoponemiko mula sa mga nakuhang datos sa wikang Tuwali ng Ifugao ay metatesis o ang pagpapalit-posisyon.Ayon kay Santiago at Tiangco (2003),kapag ang salitang- ugat na nagsisimula sa I o y ay ginitlapihan ng (-in) , ang (l) o (u) ng salitang -ugat at ang (n) ng gitlapi ay nagkapalitan ng posisyon. Gayundin ang proseso ng morpoponemikong metatesis sa Ifugao , ang mga salitan nagsisimula sa (I) , r, at (y) ay nilalapihan ng gitlaping(-in). Ang lokasyon gn panlapi ay sa gitna ng salitang-ugat.

Talahanayan 2.3
Metatesis/ Pagpapalit-posisyon

Wikang katutubo	Metatesis/ pagpapalit-posisyon	Salin sa Filipino
inhalla	nihalla	tawas
inbangot	nibangot	iniluto
ihda	hida	ulam
indaluh	nidalu	tapos na sa pagdadamo
ginamulang	ingamulang	uri ng gamit pang-ani
inbogwa	nibogwa	Hinukay ang buto(kalansay)
inboge	niboge	itinanim
ingayang	nigayang	pinana
inlapdit	nilapdit	hinila
inpayyad	nipayyad	Paraan ng pagsayaw
inwanoh	niwano	nagbahag
intete	nitete	binaba ang hagdan (Ifugao Native house)
Inha-ang	niha-ang	niluto
inlagim	nilagim	Paraan ng pagluto ng Ifugao sa manok ,pato
inkayat	nikayat	Dinala sa bahay
inbahul	nibahul	pinasala
intaddog	nitaddog	nakatayo
inhawwang	nihawwang	nilabas

Pagpapalit-ponema

Ipinapakita sa tahananayan 2.4 ang resulta ng datos mula sa pagsusuri sa pagbabagong morpoponemiko mula sa wikang Tuwali. Makikita na may mga napaplita din sa mga ponemang ginamit sa wikang Tuwali. May ponemang /o/ napalitan ng ponemang /u/ ,ponemang /e/ napalitan ng poneman /I/.

Talahanayan 2.4

Wikang katutubo	Pagpapalit-ponema	Filipino
hapepeng	hapiping	kurot
baladong	baladung	Tirahin na gamit ang isang bagay
hoplat	huplat	hampasin
tigom	tibom	Tingnan mo
hagob	hagub	igib
Ponhi'an	Punhi'an	Pamutol / pangkalas

Ipinapakita sa Talahanayan 2.5 ay nagpapakita ng prosesong pagbuo ng mga salitang may pagbabagong morpoponemikong pagsusudlong sa wikang Tuwali. Ipinapakita sa salitang Tuwali na may mga salitang Tuwali sa sinusudlungan sa pamamagitan ng paglalapi sa unahan at hulihan na may tiyak din na kahulugan. Umaayon sa sinabi ni Garcia (2000), sa tuntunin ng pagsusudlong sa Filipino, ang inaangakupang isang salita ay magkakaroon ng kahulugan na maaring ito'y

pangngalan , pang-uri o pandiwa. Batay sa resultang sinuri ,ang proseso sa pag-aangkop ay sinusunod din sa wikang katutubong Tuwali.

2.5 May sudlong

Katutubong salita at panlapi	Pag-aangkop	Filipino
Pun+hapit+on	punhapitan	Pag-usapan
Pun+Damu +han	pundamuhan	salubungin
Pun+Ligat+ on	punligaton	pagsakitin
Pun+ Gopak+an	pungopakan	tadyakan
Pun+Tanom+an	puntanoman	pagtamnan
Pun+Kukul+on	punkukulon	Pag-tawag sa mga manok
Bagi+hon	bagihon	ariin
Pidit+on	piditon	pulutin
Ilagim+on	ilagimon	Lutuan na palagim(uri ng pagluto)
Gutum+on	gutumon	kainin

Ipinapakita sa talahanayan 2.6 na may prosesong pagbuo ng mga salita ang wikang Tuwali na paglilipat-diin .Ilan lamang ang nakuhang mga salita o halimbawa na may kaugnayan sa pagbabagong morpo-ponemiko na ito .

2.6 .Paglilipat-diin

Katutubong salita ugat	Panlapi	Nabuong salita	Salin/paliwanag sa Filipino
kutim	an	kutiman	Kaugnay sa palay

3.Pagkakaiba at pagkakatulad sa pagbubuo ng mga pagbabagong morpo-ponemiko sa wikang Tuwali at wikang Filipino .

Ang talahanayan 3.1 ay ipinapakita ang pagkakaiba at pagkakatulad ng pagbabagong morpo-ponemiko ng wikang Tuwali at wikang Filipino. Ang mga uri ng pagbabagong morpo-ponemiko na lumabas sa pag-aaral ay ang mga sumusunod :Asimilasyon,pagkakaltas,metatesis,pag-aangkop,at pagpapalit-ponema. Batay sa resulta ,natuklasan na ang wikang tuwali ay sumusunod din sa proseso ng pagbabagong morpo-ponemiko na kapag Asimilasyon any ang paggamit ng panlaping PANG ay naging PAM kapag ang sinusundang salita ay nag-uumpisa sa B at P ,nagin PAN kapag ang sinusundang salita sa nag-uumpisa sa D,L,R,S,T. At nananatiling PANG sa ibang salitng hindi nabanggit. Naipakita rin sa resulta na may mga salitang Tuwali na maaring masuri sa pagkakaltas sabay pag-aangkop.

Talahanay 3.1 Ang pagkakaiba at pagkakatulad sa pagbubuo ng mga pagbabagong morpoponemiko sa wikang Tuwali at wikang Filipino

Pagbabagong morpoponemiko	Halimbawa Wikang Tuwali	Halimbawa Wikang Filipino	Pagkakatulad sa	Pagkakaiba
Asimilasyong	1.Pang+pate=pamate 2.Pang+boge=pam oge 3.Pang+wahe=pan gwahe 4.Pang+kolon=pan glon Pang + kolon=panglon	Pang+dikit=pan dikit Pang+balot=pa mbalot Pang+regalo=p anregalo	Halos parehong sinusunod and prosesong pagbabago ng morpoponemiko	May pagkakaiba lang sa ikaapat na halimbawa na maaring asimilasyon at pagkakaltas na prosesong isasagawa sa uri ng pagbabagong morpoponemiko
Metatesis	Inhalla-Nihalla Inbangot-Nibangot Indalu-Nidalu	Nilunok-linunok Niyaya-yinaya	May pagkakatulad sa lokasyon ng paglipat, posisyon ng mga ponema kung nagkakapalitan	Walang pagkakaiba sa prosesong pagbabagong morpoponemiko ang metatesis
Pagpapalit ng ponema	Hapepeng-hapiping Baladong-baladung Hoplat-huplit Tigom-tibom Hagob-hagub	Babae-babai Lalake-lalaki Tawanan-twah Madamimarami	May pagkakatulad sa pagbabagong morpoponemiko kung pagpapalit ponema, maki, tkita sa halimbawa ang ponemang /E/ ay napapalitan ng ponemang /I/ May pagkakatutudin sa pagbabagong morpoponemiko sa ponemang	Walang nakitang pagkakaiba sa prosesong pagbabagong morpoponemiko sa wikang Tuwali at Wikang Filipino
			katinig tulad ng /G/ at /B/ sa wikang Tuwali at sa wikang Filipino ay /N/ at /H/ at /D/ at /R/	
Pagkakaltas ng Ponema	Hokolon-hoklon Ababbung-abung Napuhik-naphik Gutumom-gutmon Hokobon-hokbon Ibogeh-ibge Hodolom-hodlom Indani-indai Potokom-potkom Deyahtu—dehtu Ibutik-ibtik	Takipan-takpan Bilihan-bilhan Sarahan-sarhan Bukasas-buksan Labahan-labhan	May pagkakatulad ang prosesong pagkakaltas sa mga ponemang at nanatili pa rin ang kahulugan ng may kaltas at walang kaltas	Walang pagkakaiba sa prosesong pagkakaltas ng mga ponema.

Kagamitang pampagtuturong mabuo sa pagtuturo ng araling pangwika mula sa pag-aaral.

Ang kagamitang pampagtuturong nabuo ay nahahati sa dalawang pagsasanay .Ang una ay ang pagsasanay sa wikang Filipino at ang pangalawa ay sa wikang katutubo .Magkakaroon ang paghahambing sa dalawang wikang gagamitin hinggil sa mga inilalahad sa mga pagsasanay. May mga kasanayan din na ginamit sa mga pagsasanay na naayon sa bawat layunin ng mga paksa. Ang mga pangkasanayan ay ang mga sumusunod :Pagpipili ng mga pagbabagong morpoponemiko ;Pagtukoy sa mga pagbabagong morpoponemiko sa loob ng mga pangungusap; Paggamit ng mga iba’ibat ibang uri ng mga pagbabagong morpoponemiko;Paghinuha sa mga pagkakaiba at pagkakatulad ng mga uri ng pagbabagong morpoponemiko sa wikang katutubo at Filipino.Ang pagbuo ng kagamitang pampagtuturo ay naayon din sa pag-aaral ni Felonia (2021) na kailangang matukoy ng guro ang iba’t ibang kasanayan sa pagtuturo .

Talahanayaan 4.Ang kagamitang pampagtuturong nabuo mula sa pag-aaral

Talaan ng Nilalaman 1.Uri ng Pagbabagong Morpoponemiko	Mga kasanayan sa bawat uri ng pagbabagong morpoponemiko sa wikang Filipino	Kasanayan sa bawat uri ng pagbabagong morpoponemiko sa wikang katutubo
AsimilasyonMetatesis/Pagpapalit-posisyon	Pagpipili ng mga pagbabagong morpoponemiko	Pagpipili ng mga pagbabagong morpoponemiko
Pagkakaltas ng Ponema	Pagtukoy sa mga pagbabagong morpoponemiko sa loob ng mga pangungusap;	Pagtukoy sa mga pagbabagong morpoponemiko sa loob ng mga pangungusap;
Pagpapalit ng ponema Pag-aangkop	Paggamit ng mga iba’ibat ibang uri ng mga pagbabagong morpoponemiko;	Paggamit ng mga iba’ibat ibang uri ng mga pagbabagong morpoponemiko;
Reduplikasyon	Paghinuha sa mga pagkakaiba at pagkakatulad ng mga uri ng pagbabagong morpoponemiko sa wikang katutubo at Filipino	Paghinuha sa mga pagkakaiba at pagkakatulad ng mga uri ng pagbabagong morpoponemiko sa wikang katutubo at Filipino

Pagtalakay

Ang wikang Tuwali ay kakitaan din ng pagbabagong morpoponemiko ;Ang ilang proseso ay nasunod sa mga natunghayan pagbabagong morpoponemiko ngunit may ilang mga prosesong naipapaliwanag sa pamamagitan ng pagbabagong naganap sa uri ng morpoponemiko ;Ang pag-unlad ng wika ay makikita sa pagbabago nito ayon sa paggamit at pagsusuri sa anong uri. Ang paksang pagbabagong morpoponemiko ay maaring igawan ng pagsasanay na gagamitin sa araling pampagkatuto.

Samakatuwid ,buhat sa resulta at kongklusyon ng mananaliksik ay nirerekomenda na mapalawig pa ang pag-aaral; Palawigin ang pag-alam at pag-aaral sa pagbabagong

morpoponemiko ng wikang katutubo ;Magsasagawa pa ng isang pag-aaral sa proseso ng morpoponemiko sa ibang wika;Magdagdag ng pag-aaral sa morpoponemiko sa iba't ibang wikang katutubo.Pag-ibayuhin pa ang pag-aaral sa mga katutubong wika .

IV. Conclusion

Batay sa natuklasan, napagtanto ng mga mananaliksik ang mga sumusunod na kongklusyon:

1. Ang wikang Tawali ay kakitaan din ng pagbabagong morpoponemiko
2. Ang ilang proseso ay nasunod sa mga natunghayang mga pagbabagong morpoponemiko ngunit may ilang mga prosesong naipapaliwanag sa pamamagitan ng pagbabagong naganap sa uri ng morpoponemiko
3. Ang pag-unlad ng wika ay makikita sa pagbabago nito ayon sa paggamit at pagsusuri sa anong uri ng
4. Ang paksang pagbabagong morpoponemiko ay maaring igawan ng pagsasanay na gagamitin sa araling pangkatutubo.

V. Recommendations

1. Palawigin ang pag-alam at pag-aaral sa pagbabagong morpoponemiko ng wikang katutubo .
2. Magsasagawa pa ng isang pag-aaral sa proseso ng morpoponemiko sa ibang wika.
3. Magdagdag ng pag-aaral sa morpoponemiko sa iba't ibang wikang katutubo.
4. Pag-ibayuhin pa ang pag-aaral ng pag-aaral sa mga katutubong wika

REFERENCES

- [1] Abesamis, N. (2007). *Komunikasyon sa Akademikong Filipino*. Valenzuela City:Mega Jesta Prints., Inc
- [2] Antonio, L. (2009).*Retorika*./Quezon City:C&E Publishing Inc.
- [3] Badayos P. et.al. (2007). *Komunikasyon sa akademikong Filipino*. Valenzuela City:Mutya Publishing House
- [4] Bautista, Francis (2018). *Pagsusuri ng Pagbabagong Morpoponemiko Impleksyon ng Filipino*. Ang kaso ng paglalapi ng mga Alomorf ng unlaping Mang-. Academia
- [5] Coroza, M. (2015) . *Mga salita Mula sa Iba't Ibang Wika sa Filipinas*. Filipinas Institute of Translation, Inc. Silid 2082, Bulwagang Rizal. Kolehiyo ng Arte at literature. Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Lungsod Quezon

- [6] Garcia, Lydia G. (2001). Makabagong Gramar ng Filipino. Manila: Rex Bookstore Nuncio, E. & Nuncio, R. (2008). Sagandiwa. Retrieved from:<http://kritikasatabitabi.Wordpress.com/2008/26/sagandiwa>
- [7] Palmaria, . (2014). Loanwords sa text messages messages at facebook post tungo sa pagpapaunlad ng morpolohiya sa akademikong wikang Filipino. Pamantasan ng Nueva Caceres. Lungsod ng Naga
- [8] Pasion, R. (2014). Morpolohikal na Varyasyon sa Wikang Mandaya ng Davao Oriental. Asia Pacific Journal of Education, Arts & Sciences. Vol. 1, No. 5.
- [9] Ramos,M.D.(2020).Morponemiko ng Iloko : Isang Pag-aaral Tungo sa Isang Aklat-Sanayan sa Wika.Tesis.(di-nalathala).
- [10] Santiago, A..(1979)Panimulang LinggwistikaManila,Philippines:.Rex Book Store.